

SI CAT STEVENS, DATING MANG-AAWIT, UK (BAHAGI 2 NG 2)

Marka:

Paglalarawan?: Isa sa mga pinakatanyag na pigura sa mundo ng musika noong dekada 70 at ang kanyang paghahanap para sa katotohanan. Bahagi 2: Ang Quran at pagtanggap ng Islam.

Kategorya: [Mga Artikulo](#) [Mga kuwento ng mga Bagong Muslim](#) [Mga Personalidad](#)

Ni: Cat Stevens

Nailathala noong: 24 Aug 2020

Huling binago noong: 11 Oct 2009

Ang Quran

Nang pumunta siya sa London (kapatid niya), nagdala siya ng isang naisalin na Quran, na ibinigay niya sa akin. Hindi pa siya naging isang Muslim, ngunit may naramdaman siya sa relihiyon na ito, at naisip na may mahahanap din ako dito.

At nang matanggap ko ang libro, isang patnubay na magpapaliwanag ng lahat sa akin - kung sino ako; ano ang layunin ng buhay; kung ano ang katotohanan at kung ano ang magiging katotohanan; at kung saan ako nagmula - napagtanto ko na ito ang totoong relihiyon; relihiyong hindi sa kahulugan na naiintindihan ng Kanluran, hindi ito ang uri na para lamang sa iyong katandaan. Sa Kanluran, ang sinumang nais na yakapin ang isang relihiyon at gawin itong kanyang tanging paraan ng pamumuhay ay itinuturing na isang panatiko. Hindi ako isang panatiko; Sa una nalilito ako sa pagitan ng katawan at kaluluwa. Pagkatapos ay napagtanto ko na ang katawan at kaluluwa ay hindi hiwalay at hindi mo na kailangang pumunta sa bundok upang maging relihiyoso. Dapat nating sundin ang kalooban ng Diyos. Kung gayon maaari tayong tumaas nang mas mataas kaysa sa mga anghel. Ang unang nais kong gawin ngayon ay maging isang Muslim.

Napagtanto ko na ang lahat ay pag-aari ng Diyos, hindi siya inaabutan ng antok. Nilikha niya ang lahat. Sa puntong ito ay nagsimulang mawala ang aking pagiging mapag mataas, dahil dati naiisip ko na ang dahilan na narito ako ay dahil sa aking sariling kadakilaan. Ngunit napagtanto ko na hindi ko nilikha ang aking sarili, at ang buong layunin ng aking pag-iral ay upang sumunod sa katuruan ng perpekto na relihiyon na kilala natin bilang Al-Islam. Sa puntong ito, sinimulan kong tuklasin ang aking pananampalataya. Pakiramdam ko ay isa akong Muslim. Sa pagbabasa ng Quran, napagtanto ko ngayon na ang lahat ng mga Propeta na ipinadala ng Diyos ay nagdala ng pare-parehong mensahe. Bakit magkakaiba ang mga Hudyo at Kristiyano? Alam ko ngayon kung paano hindi tinanggap ng mga Hudyo si Hesus bilang Mesiyas at binago nila ang Kanyang Salita. Kahit na ang mga Kristiyano ay hindi maintindihan ang Salita ng Diyos at tinawag si Hesus na anak ng Diyos. Ang lahat ay may labis na kahulugan. Ito ang kagandahan ng Quran; hinihiling sa iyo na magnilay at mangatuwiran, at hindi sumamba sa araw o buwan kundi ang Isa na lumikha ng lahat. Hinihiling ng Quran sa tao na magnilay sa araw

at buwan at sa nilikha ng Diyos sa pangkalahatan. Napagtanto mo ba kung paano naiiba ang araw mula sa buwan? Ang mga ito ay nasa iba't ibang mga distansya mula sa lupa, gayunpaman ay nakikita nating pareho ang sukat; kung minsan, ang isa ay tinatakpan ang isa.

Kahit na maraming mga astronaut ang pumupunta sa kalawakan, nakikita nila ang hindi masukat na laki ng mundo at lawak ng kalawakan. Naging relihiyoso sila, dahil nakita nila ang Mga Palatandaan ng Diyos.

Nang mas binasa ko pa ang Quran, nababanggit nito ang tungkol sa panalangin, kabaitan at kawanggawa. Hindi pa ako Muslim, ngunit naramdaman kong ang tanging sagot para sa akin ay ang Quran, at ipinadala ito sa akin ng Diyos, at inilihim ko ito. Ngunit ang Quran ay nagsasalita din sa iba't ibang antas. Naunawaan ko ito sa ibang antas, kung saan sinasabi ng Quran, "Yaong mga naniniwala ay huwag kumuha ng mga hindi naniniwala para maging mga kaibigan at ang mga naniniwala ay magkakapatid." Kaya sa puntong ito nais kong makilala ang aking mga kapatid na Muslim.

Pagbabalik-loob

Pagkatapos ay nagpasya akong maglakbay patungong Jerusalem (tulad ng ginawa ng aking kapatid). Sa Jerusalem, pumunta ako sa moske at umupo. Tinanong ako ng isang lalaki kung ano ang gusto ko. Sinabi ko sa kanya na ako ay isang Muslim. Tinanong niya kung ano ang pangalan ko. Sinabi ko sa kanya, "Stevens." Naguluhan siya. Sumali ako sa pagdarasal, kahit hindi matagumpay. Noon sa London, nakilala ko ang isang sister na si Nafisa. Sinabi ko sa kanya na gusto kong yakapin ang Islam, at itinuro niya ang New Regent Mosque. Ito ay noong 1977, mga isa at kalahating taon matapos kong matanggap ang Quran. Napagtanto ko na dapat kong alisin ang aking pagmamataas, puksain si Satanas, at harapin ang isang direksyon. Kaya't isang araw ng Biyernes, pagkatapos ng sama-samang pagdarasal ng Biyernes, nagpunta ako sa Imam (Tagapanguna ng Panalangin) at ipinahayag ang aking pananampalataya (ang Shahaadah) sa mga kamay na ito. Nasa harap mo ang isang tao na nakamit ang katanyagan at kapalaran. Ngunit ang patnubay ay isang bagay na iniwasan ako, anuman ang gawin kong ang pagsisikap, hanggang sa ipinakita sa akin ang Quran. Ngayon napagtanto kong makakakuha ako ng direktang pakikipag-ugnayan sa Diyos, hindi tulad ng Kristiyanismo o anumang relihiyon. Tulad ng sinabi sa akin ng isang babaing Hindu, "Hindi mo naiintindihan ang mga Hindu. Naniniwala kami sa iisang Diyos; ginagamit lang namin ang mga bagay na ito (mga idolo) upang makapagtuon lamang." Sinasabi niya na upang makarating sa Diyos, ang isa ay kailangang lumikha ng mga kasama, ang mga idolo ay para sa layuning ito. Ngunit tinanggal ng Islam ang lahat ng mga hadlang na ito. Ang tanging bagay na nahihwalay sa mga mananampalataya mula sa mga hindi manananampalataya ay ang *salah* (panalangin). Ito ang proseso ng paglilinis.

Sa wakas, nais kong sabihin na ang lahat ng aking ginagawa ay para sa kasiyahan ng Diyos at manalangin na magkaroon kayo ng ilang inspirasyon mula sa aking mga karanasan. Bukod dito, nais kong bigyang diin na wala akong kilalang sinumang Muslim bago ko yakapin ang Islam. Nabasa ko muna ang Quran at napagtanto na walang taong

perpekto. Ang Islam ay perpekto, at kung tutularan natin ang pag-uugali ng Propeta ay magiging matagumpay tayo.

Nawa'y bigyan tayo ng Diyos ng patnubay upang sundin ang landas ng nasyon ni Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala). Ameen!

Ang web address ng artikulong ito:

<https://www.islamreligion.com/tl/articles/86/si-cat-stevens-dating-mang-aawit-uk-bahagi-2-ng-2>

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2023 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.